

Love At First Sight

1

“Who is she?” tanong ni Danzele sa kaibigang si Benjie. Si Danzele Soriano ang kilalang Chief Executive Officer ng *San Nicolas Mini-Mall*—mayaman, guwapo, hinahangaan at pinapantasya ng mga kababaihan. Kinaiingitan din siya ng mga kalalakihan dahil sa angkin niyang mga katangian.

“Siya si Heidie Miranda,” sagot ni Benjie.

“So, siya pala si Heidie Miranda. You know her personally?” He had heard of her name as soon as arrived in San Nicolas.

“Who wouldn’t know her? Simula noong grade one pa lang kami, kilala ko na siya.”

“Talaga?”

“Ah, hindi pala. Grade two ko siya naging kaklase.”

“So dito pala talaga siya lumaki?”

“Oo. Come on, you should know her.”

“I have heard of her but I had no chance of meeting her. Pero kung natuloy ang wedding noon,

baka nagkakilala kami.”

“Bakit? Interesado ka sa kanya?” tanong ni Benjie.

Nangunot ang noo ni Danzele bago tumingin sa kausap. “Saan ba siya nakatira ngayon?” sa halip ay tanong niya.

Sumagot ang pangalawang lalaki. “Sa Maynila. Lumipat siya roon kasama ang pamilya niya. Hindi ba naikuwento sa iyo ni Mark?”

Umiling siya. “Nope. He wouldn’t say anything. Ganoon naman talaga si Mark. Masyadong secretive. Besides, we’re not that close.” Tinitigan nito ang babaeng kilala na niya noon pa man sa pangalan. “She’s really an eye catcher. A certified classy girl.”

Tumawa si Benjie. “Huwag mo nang ambisyunin ’yan, pare. Masisira ka diyan.”

“Don’t dare me, pare. Kung ako si Mark, hindi ako basta papayag na iwanan ng babaeng ’yan... at sa mismong araw pa ng kasal namin.” Tumutok muli ang kanyang mga mata sa dalaga. “She looked very mysterious. Beautiful and sensuous.”

“Nadali mo. Naku, mas maraming alam ang asawa kong si Jona tungkol sa kanya. Alam mo na

ang mga babae, mas maraming alam na tsismis kaysa mga lalaki.”

Napuno ng interes si Danzele para sa babaeng pinag-uusapan. This Heidie Miranda really had aroused his curiosity in an instant. He knew her by name. Alam niyang ito ang fiancée ng cousin niya na hindi sumipot sa araw ng kanilang kasal.

In the meantime, he contented himself with just watching Heidie from afar. Ito na yata ang pinakamagandang tanawin sa pagtitipong iyon para sa kanya—sa buong San Nicolas na rin sa loob ng tatlong taon niyang pagtigil sa bayang iyon.

“Bakit siya tumakas sa araw ng kanyang kasal, sa palagay mo?” tanong niya.

Tumawa si Benjie. “Maraming espekulasyon. Hindi ka maniniwala.”

“Try me. Mark did not want to talk about it when I asked him once.”

“Well, ganito ’yan.” In a low voice, the man began to share the juiciest piece of gossip ever to spread out in San Nicolas.

Si Heidie Miranda ang subject ng usapan ng

dalawang lalaki na nakaupo sa dulo ng restaurant kung saan ginanap ang pre-wedding party ng isang pareha na ikakasal. Kaibigang matalik ni Heidie ang bride na si Maia kaya siya napilitang bumalik sa bayang iyon na isinumpa niyang hindi na muling pupuntahan pa.

Then, a sudden burst of laughter startled her. Paglingon ni Heidie, nakita niya ang dalawang lalaki na akala mo ay nagmamay-ari ng buong lugar para tumawa nang ganoon kalakas. Kilala niya ang isa—ang kababata at naging kaklase niya sa elementary at high school na si Benjie Sumbillo. Ang isa pa na matangkad at guwapo ay hindi pamilyar sa kanya.

Naisip agad ni Heidie na marahil ay may pinag-uusapan ang mga ito na dirty jokes. Umingos siya. These men did not know how to behave in public places. Kunsabagay, ano ba naman ang dapat asahan sa mga taga-San Nicolas?

Ang pamilya ng mapapangasawa ni Maia na si Zosimo ang may pakana kung bakit nagkaroon pa ng ganitong pagtitipon bago ang kasal dalawang linggo mula ngayon. Ang totoo ay napakasuwerteng maituturing ang babae dahil kahit maaga itong nabalo at may isang anak ay niligawan ni Zosimo na certified na binata at may-kaya pa. Well, hindi

naman pare-pareho ang kuwento ng pag-ibig ng mga tao. May pangit, may maganda. Masaya si Heidis para sa kanyang best friend.

Kaya nga nang tinawagan siya nito, hindi siya nakatanggi dahil nagkakandaiyak si Maia para lang umuwi siya. Nang ikasal ito sa unang asawa ay hindi siya dumalaw. Nang nanganak ito at nagpabinyag at kinuha siyang ninang ay hindi rin siya umuwi. Nang mamatay ang asawa nito sa aksidente mahigit isang taon na ang nakakaraan ay natiis din niya itong hindi damayan. Pero ngayon na ayon kay Maia ay pinakamasayang araw sa buhay nito, talagang magagalit na raw ito kung hindi pa rin siya darating.

Sa San Nicolas, tanging si Maia lang ang maituturing niyang naging pinakamatalik na kaibigan. Alam kasi niya na ito lang ang kaisa-isang tagaroon na hindi humusga sa kanya. At iginalang nito ang pananahimik niya noong magdesisyon siyang huwag sabihin ang totoong dahilan ng kanyang paglisan sa bayang iyon.

Okay sa kanya na sa wakas ay natagpuan na rin ni Maia ang tunay na pag-ibig sa katauhan ni Zosimo. Pilit kasi itong ipinakasal ng magulang nito sa una nitong asawa na sa pagkakaalam niya ay nagpahirap naman ng kalooban ng kaibigan.

Pumuwesto siya malapit sa buffet table. Abala si Maia kaya iniwan siya nito kani-kanina lang. She caught the band leader's roving eye when they began to play a James Ingram ballad. Nginitian siya nito. She smiled back then quickly turned her attention to the buffet table. Nagsimula siyang pumili ng pagkain.

“Heidie!”

She formed a fake smile and turned around. “Ah, Mrs. Gomez, kayo pala.”

Si Mrs. Gomez ay elementary teacher sa *San Nicolas Elementary School* at naging guro niya ito noong grade five.

“Aba, matagal kang hindi umuwi dito sa atin, ah. Mabuti naman at alam mo pa palang umuwi.”

Tsismosang matrona, gigil na sigaw ng kanyang utak pero pinanatili ng dalaga ang pekeng ngiti sa labi. “Oho. Hindi naman ho kalayuan sa Manila ang San Nicolas, paano ko naman hindi malalaman ang pagpunta rito?”

“Ilang taon na nga ba?”

Gusto na niyang talikuran ito. May laman ang ngiti at ang tanong nito.

“Ibig kong sabihin, ilang taon na nga ba kayong pamilya na wala dito sa San Nicolas?”

“Three years ho.” Three years, two months, six days. Obviously not long enough for people to forget.

“So, sa Manila pa rin pala kayo. You’re looking good and very sophisticated.”

Ngumiti siya uli. Fake pa rin. “Thank you, Mrs. Gomez.”

Kumuha ito ng pagkain at pinuno ang plato. Pagkuwan ay nagtanong na naman. “Ang parents mo? How are they?” Mukhang wala itong balak na lubayan siya.

“Okay naman ho sila,” sagot ni Heidie bago bahagyang lumayo para dumampot ng oyster sa kabilang bahagi ng buffet table.

Itong si Mrs. Gomez, mukhang hindi marunong bumasa ng body language, sinundan pa rin siya. “Nagtuturo ang tatay mo sa Manila?”

Tumango na lang siya. Sana ay makahalata na ito na gusto na niyang tapusin ang usapang iyon.

Pero talaga yatang wala itong pakiramdam. “Hindi sila umuuwi nang madalas, ano?”

Napapabayaan na nga rin ang bahay ninyo. Sayang naman. Kunsabagay, pagkatapos ng mga nangyari... talagang mahirap para sa kanila ang umuwi dito.”

Heidie wanted to set down her plate, leave the room and leave San Nicolas just like she did three years ago. Ang tanging nagbibigay sa kanya ng lakas ng loob na huwag gawin iyon ay ang isang bagay. She did not want to give anybody the satisfaction of scaring her off. At saka bukod sa kasal ni Maia, may mahalaga siyang aayusin para sa kanyang negosyo.

“Ang inay mo, kumusta naman? Mataba pa rin?”

Gusto niyang magpuyos sa inis. Mabuti na lang at lumapit si Maia sa kanila. “Uy, Heidie! Kanina pa kita hinahanap. Tulungan mo naman akong ayusin ang buhok ko. Natanggal sa pagkakaayos.” Nilingon nito ang gurong kausap niya. “Hihiramín ko lang po sandali si Heidie, Mrs. Gomez.”

Kinuha nito ang kanyang plato at ipinatong sa mesa. Hindi na nito hinintay na makasagot ang babae. Hinila siya nito sa kamay at nagtungo sila sa powder room. Ini-lock iyon ni Maia.

“Whew!” sabi niya. “Salamat, Maia, ha? Inilayo mo ako sa bruhang tsismosa.”

Tawa nang tawa ang kaibigan. “You looked like

you needed rescuing. Nakita ko kasi na naiinis ka na. Baka 'ika ko hindi ka makatiis at maihampas mo sa mukha ni Mrs. Gomez ang dala mong plato kaya lumapit na ako.”

“Ngayon, magtataka ka pa kung bakit ngayon lang ako bumalik pagkatapos ng mahigit tatlong taon? Masisisi mo ba ako? Diyos ko, alam ko naman na lahat ng mga tao rito ay gustong malaman kung ano ang ginagawa ko sa Maynila. Kung ano na'ng nangyari sa akin pagkalipas ng tatlong taon.”

Ngumiti si Maia. “Kaya nga natutuwa ako na narito ka para sa akin.”

“Ikaw na lang ang mahalagang bagay na binalikan ko rito,” matapat na sabi ni Heidie. Hanggang sa kolehiyo sa kapitolyo ay magkasama sila ni Maia kaya hindi matatawaran ang pagiging magkaibigan nila.

Sumersoyo ang mukha ni Maia. “Salamat naman. Kasi, kung hindi ka dadalo sa kasal ko, talagang iisipin ko na nalimutan mo na ang pagkakaibigan natin. Natutuwa nga ako na pati dito sa pre-wedding party namin ni Zosimo ay nakarating ka. I thought sa araw ng kasal ka na pupunta.”

“May kailangan kasi akong ayusin din sa

bangko. Napao ko na si Itay na gamiting collateral sa bangko ang bahay at lupa namin. You know, gusto kong palaguin ang negosyo ko sa Manila.” She owned a boutique in Manila. May maliit na rin siyang patahian. Kailangan niya ng mas malaking puhunan para mapalawak ang kanyang clientele.

“Well, bow ako sa iyo pagdating sa negosyo. Talagang nagagamit mo ang kurso nating Business Administration, plus nagagamit mo nang husto ang talent mo sa sketching. Aba, magaganda ang disenyo mo ng damit. Eh, kung hindi nga lang sa mama ni Zosimo na nagpilit na isuot ko ang wedding gown niya at ayusin na lang, sa ’yo na sana ako magpapagawa.”

“Ayaw mo n’un? Talaga lang love ka ng future mother-in-law mo.”

“Siyempre proud din ako kaya lang, gusto ko rin namang makapagsuot ng disenyo ng best friend ko. Nasabi mo sa akin na may celebrity na nagpapagawa ng damit sa iyo, ah.”

Tumango siya. “Oo, pero marami pa ako plano. Gusto kong maging tanyag na couturier.”

“Eh baka naman tuluyan mo nang malimutan ang pag-aasawa at puro career na lang ang atupagin

mo?”

Tumawa lang ang dalaga.

“Oy, best friend, alalahanin mo na pangalawang marriage ko na ito. Ikaw... puro ka lang date.”

Nagkibit-balikat si Heidie.

Kilala siya ni Maia. Magmula noong umalis siya sa San Nicolas at nagkakaroon ng pagkakataong magkausap sila ay iniwasan na niyang mapag-usapan ang tungkol sa kanyang lovelife. She just said she was happy going out on dates with different men. Wala siyang seryosong boyfriend since that time she left San Nicolas.

Saglit pa silang nag-usap ni Maia sa loob. Ikinuwento ni Maia kung gaano ito kasaya na sa wakas ay natagpuan nito sa katauhan ni Zosimo ang tunay na pag-ibig.

Hinawakan ni Maia ang kanyang kamay. “Alam kong ayaw mo nang bumalik dito sa San Nicolas at kaya ka lang napilitan ay para pagbigyan ako. I realized it’s a big sacrifice for you to come home and be here for me and I really appreciate it. Super thank you talaga!”

“Hindi kita matitiis, alam mo ’yan.” Napalunok

si Heidie. “I’m happy for you. Hindi ko lang ma-imagine na ’ayan at magpapakasal ka uli. Ewan ko ba, I just felt relieved to have escaped one.”

“That’s probably because he’s not the one you thought you can share your life with.” Itinaas ni Maia ang kilay. “Nakita mo na ba ang ex-fiancé mo? Si Mark?”

“No, and I hope I won’t.”

“May mga kumakalat na tsismis na on the rocks na ang samahan nila ng asawa niyang si Dawn. Alam mo bang—”

“Ayokong marinig,” putol agad ng dalaga sa pagkukuwento ni Maia. “Ayokong pag-usapan ang tapos na. Kung noon nga, ayokong pag-usapan ang bagay na ’yon, mas lalo na ngayon.”

“Alam ko naman. At iginagalang ko ang kagustuhan mong manahimik.”

“Ganoon din ang parents ko. Nang tinanong nila ako kung bakit ko ginawa iyon at sinabi kong sarili kong kagustuhan ’yun, hindi na sila nagtanong pa. But the people here... alam ko, hanggang ngayon, hindi pa rin nila nalilimutan ang lahat.”

“Hayaan mo na lang sila. Basta masaya ako na

narito ka.”

“Feeling ko kasi, mawawalan na ako ng kaibigan kung hindi pa kita pagbibigyan.”

Itinaas ni Maia ang kamay nito. “Okay,” anito. “So let’s go out na. Siguro naman, hindi ka na kukulitin ni Mrs. Gomez.”

Nagtawanan sila nang lumabas sila sa powder room. Nasalubong nila si Zosimo at agad na niyaya nito ang magiging asawa dahil may ipapakilala raw na kamag-anak dito.

Heidi saw how the groom placed a protective arm around Maia’s slender shoulders. May naramdaman siyang hapdi sa kanyang puso. She attributed the empty feeling that suddenly seized her to hunger, and decided to give the buffet another try. Sana lang ay wala nang asungot na lalapit sa kanya ngayon.

Ang mapag-usapan ang tungkol kay Mark at sa nakaraan kahit saglit lang ay nagpabalik ng maraming negatibong bagay at emosyon na iniwan niya sa San Nicolas mahigit tatlong taon na ang nakararaan. Akala niya ay nalimutan na niya iyon pero hindi pala. Unfortunately, ganoon din ang mga dati niyang kababayan.

She should have known better than to come back.

Pero paano niya matatanggihan si Maia? Dalawang linggo ang ilalagi niya sa San Nicolas para sa kasal ng kanyang best friend at para asikasuhin ang ilang bagay. Kakayanin kaya niyang tumagal sa bayan na isinumpa niyang hindi na babalikan pa?

Sana.

Naramdaman ni Heidie ang pagkalam ng kanyang sikmura. She indulged herself in the array of desserts at the end of the buffet table. Hindi na lang niya binalikan ang ibinabang plato kanina na may laman na. Mas naengganyo siyang kumain ng desserts na kakaiba ang presentasyon.

She took two triple chocolate-dipped strawberries from a silver tray and found a secluded corner where she could eat them.

She chewed the strawberry with slow, sinful relish, letting each layer of chocolate melt and fill her mouth with its particular degree of sweetness. Napapikit pa nga si Heidie. She was really enjoying it!

2

Danzele was watching Heidei. Hindi niya mapigilan ang sarili na titigan ang babae. Casually propped against the wall, ankles crossed, long legs at a slant, he watched Heidei as she ate the chocolate-covered strawberries. Hindi niya alam but he found it very erotic that his own mouth watered, imagining the taste of her lips ang tongue which he could tell was more delectable than those strawberries.

“Hmm... sa kanya pa rin nakatutok ang mga mata mo, ha?”

He shifted his weight but did not remove his gaze from the woman. “She’s an eyeful,” aniya kay Benjie. “I am still wondering why she ditched my cousin at the altar.”

“Walang nakakaalam ng totoong dahilan. There were just so many speculations. Basta na lang niya iniwan ang kanyang groom—ang pinsan mong si Mark—high and dry.”

“That’s what I knew. Nalagay sa kahihyan ang pamilya noon. I wasn’t here but I know about it. Mabuti na lang, madaling naka-recover ang pinsan

ko. Nag-asawa rin agad.”

“Yeah, right. Ironic na close friend din ni Heidie ang napangasawa ni Mark.”

Muli niyang tinitigan si Heidie. “I think I should know her. Better.”

Tumaas ang kilay ng kausap. “Don’t bother, Danzele.”

“Bakit?”

“Hindi uubra ang charisma mo d’yan.”

“You don’t know that. Kilala mo ako, Benjie.”

“Alam kong matindi ang track record mo sa mga babae at simula nang nakilala kita ay sobrang impressive ang record mo. Pero palagay ko, pare, masisira ang record mo diyan kay Heidie,” tila may paghahamon pa ring sabi ng kaibigan.

“Do you know how long she’ll be in town?” curious na tanong ni Danzele.

“Nakakuwentuhan na siya ni Jona kahapon nang kararating lang niya. Two weeks daw siya rito kasi may aasikasuhin sa bangko. Doon siya nakatira sa dati nilang bahay, sa dulo ng bayan. Malapit sa mansion mo.”

“I see.”

“Kaya kung ako sa ’yo, bilis-bilisan mo, pare ko.”

Tumango siya. “I want to get close to her.”

“Bakit, pare? Gusto mo bang iganti si Mark?”

“It wasn’t in my mind. I have no reason to do that. Gaya ng nasabi ko, gusto ko siyang makilala and I’m beginning to like her a lot,” kubit-balikat na tugon niya. He looked at her from a distance. Marahil nga ay talagang napukaw ang interes at kuryusidad niya ng mga bagay na nasabi ni Benjie sa kanya tungkol kay Heidie.

His smile had all the cunning of a fox and all that honesty of a *Boy Scout*. Napansin agad ni Heidie ang lalaking palapit sa kanya. Ito iyong katawanaan kanina ng schoolmate niya dati na si Benjie. Hindi nawala ang ngiti nito habang palapit sa kanya. Practical mischief and angelic sincerity exuded from that smile. That self-confident grin could either make you melt or shiver, depending upon your point of view. Heidie did a little of both when she met his gaze.

Her heart skipped a beat or two. Hindi niya

mawari ang kanyang naramdaman. Her stomach seemed to freefall for a long time before crash landing. Her mouth went dry.

His packing was prettier than most. So? She knew the type. She recognized that kind of smile. Baka inisip nito na isa siyang easy girl dahil sa kanyang hitsura. Siya ang may pinaka-daring na damit sa lahat ng naroon. Maroon tube blouse at tight fit white miniskirt. Well, he would find soon enough that she was more vinegar than honey.

Pumuwesto ito sa kanyang harapan. “I like the way you eat strawberries,” anitong ni hindi muna nagpakilala o tinanong ang kanyang pangalan.

That was not the opening line Heidie had expected. *May originality ang isang ito*, naisip niya. Gusto na sana niya itong paalisin agad sa kanyang harapan pero hindi niya nagawa.

Her tummy fluttered and slipped a little lower. Ang maikling salitang iyon ay nagbigay sa kanya ng ideya. That he had been watching her for some time. That he liked what he saw... and that he was interested enough to take a closer look.

Flattering? Yes. Kung iba lang siguro siyang babae, baka nagustuhan niya ang ginawa nito.

Guwapo ang lalaki; ang pinakaguwapo sa mga guests na naroon.

Pero hindi siya interesado rito. She just stared back at him and looked at the other direction that would have discouraged a less determined man.

His gaze moved down to her mouth. “What else are you good at?”

“Fending off unwelcomed passes,” sa wakas ay nasabi ni Heidie. Tingin niya ay may sinasabi sa buhay ang lalaki. He spoke with confidence. Sobra nga lang lakas ng dating nito. Baka naman dayo ito roon? Sigurado siyang hindi ito taga-San Nicolas.

He laughed. “And making witty comebacks.”

“Thank you.” Hindi pa rin niya ito tiningnan. He seemed to know something personal about her. Kung bagong lipat ito sa San Nicolas, nahawa na ito sa mga tagaroon. O baka narinig nito ang tsismisan ng ibang guests tungkol sa kanya.

“Dance?”

“No, thank you.”

She tried to turn back on him but he touched her elbow.

“Please?”

“No, thank you,” ulit ni Heidie sa magalang at mariing tinig. Gusto niyang ipakita rito na naiirita siya. Pero naiirita nga ba siya? Hindi maintindihan ng dalaga kung bakit para siyang napaso sa saglit na pagdaiti ng kamay nito sa kanyang balat.

“Bakit naman?”

My God, dapat ba siyang magpaliwanag sa estrangherong ito? Gusto na niyang supalpalin ito pero baka gumawa siya ng eksena. Ayaw naman niyang pahiyain sina Maia at Zosimo.

“I’ve danced so much and my feet are hurting. Now, if you will excuse me...” She moved away, keeping her back on him. Nagtuloy uli sa buffet table si Heidie, sa pinakadulo at kumuha ng wine glass para magsalin ng red wine.

“Sabi ng religion teacher ko n’ong elementary, masama raw magsinungaling.”

Muntik nang matapon ang alak na isinasalin ng dalaga. Hindi niya akalaing susundan pa rin siya ng lalaki. Hinarap niya ito. “I was taught that it’s rude to make a pest of oneself,” pasuplada niyang tugon. Sinusubukan yata ng lalaking ito ang kanyang tatag. Well, she was ready to face him.

“Hindi mo kailangang magsinungaling, you know.”

“I wasn’t lying.”

“Tsk-tsk. Miss Heidis Miranda, I’ve been watching you for more than an hour and you haven’t danced.”

Bahagya niyang ikiniling ang ulo. “How did you know my name?”

“Walang hindi nakakakakilala sa ’yo rito,” anito. “Now answer my question, why did you lie? Bakit sinabi mong pagod ka na sa kakasayaw?”

She blushed but she was more annoyed than embarrassed. “That should have been your first clue. Ayokong sumayaw. Kahit kanino.” Diniinan niya ang huling sinabi.

“Why not just say so?”

“I just did.”

Tumawa ito. “Gusto ko ang sense of humor mo.”

“I wasn’t trying to be amusing and couldn’t care less whether you like me, my sense of humor, the way I eat strawberries or anything else.”

Hindi ito sumagot. He carefully removed the

glass of red wine from her fingers. Ipinatong nito iyon sa table. He pulled her into his arms and said, “Dance?”

The band was playing the second verse of the song before Heide could speak. “You are kidding, aren’t you?” Sinabi niya iyon, pero hindi siya nakatanggi nang hawakan nito ang kanyang kamay at ipatong sa balikat nito. Natagpuan na lang niya ang sarili na nakikipagsayaw na rito.

Butter would have melted beneath his smile. “This is a party. We’re supposed to enjoy it. Kaibigan mo ang mga ikakasal. Kaibigan ko rin sila. Masama ba kung gusto kitang isayaw?”

Parang bulkang gustong sumabog ang kanyang ulo pero bakit naman siya magpapaapekto sa siraulonglalakingito? Maraminasiyangnakasalamuhang lalaking straightforward at tinawanan lang niya ang mga iyon. Hindi siya natalo. She’s Heide Miranda!

Pero ito lang ang nakilala niya na sobra ang guts. Surely he was teasing her! He had a broad smile now. She wanted to snap at him but she could not.

“What do you think?” tanong nito.

She did not smile back. “I think you don’t take no for an answer.”

“Not when I want something badly enough.”

“And you badly wanted to dance with me?”

Tumango ito. “Uh-uh.”

“Why?”

“I’ve never seen a woman with golden eyes before.”

“Hindi golden ang mga mata ko. Brown.”

“I’d call them golden anyway. Parang may contact lenses. They matched your name.”

“So why do you want to dance with me?”

He drew her closer. “Gaya ng nasabi ko na, I like the way you eat chocolate-covered strawberries.”

She felt uneasy. Hindi naman sila nagsasayaw; nakatayo lang sila nang magkalapit na ang dalawang kamay niya ay nakapatong sa balikat nito habang ang matipunong bisig nito ay nakayapos sa kanyang baywang. She kept a distance between them. Baka marinig ng estranghero ang malakas na kabog ng kanyang dibdib.

“Ano ba’ng pinagsasabi sa ’yo ni Benjie tungkol sa akin?” pigil ang gigil na tanong ni Heidie.

“Marami, pero marami pa akong gustong malaman.”

“Like what?”

Naningkit ang mga mata ng kaharap. “What I want to know about you, Heidie, is something that I don’t think you’d want me to find out here on the dance floor.”

Alam niyang namula ang kanyang mga pisngi; naramdaman ng babae ang pag-iinit ng mga iyon. She knew exactly what he meant: “*I want you in my bed.*” Kahit pa hindi nito sinabi iyon verbally, his eyes said it all. She squirmed away from him. “Thank you for the dance, Mister...”

“Soriano. Danzele Soriano. Pero hindi pa tapos ang kanta.” He swung her into his arms again. Magpipilit sana siyang umalpas sa pagkahawak nito pero hindi niya nagawa dahil lumapit sa kanila sina Maia at Zosimo. “Hi, Maia, Hello, Zosimo... great party.”

“Hello, Danzele,” sabay na bati ng dalawa.

“Magkakilala na pala kayo,” ani Maia bago lumayo ang mga ito at nakihalo sa gitna ng mga nagsisipagsayaw.

Heidie gave them a weak smile as they danced then shot her partner a poisonous glance. He had her and he knew it. He was not going to let her go without a fuss and Danzele knew that she would not risk making a scene.

Ano ba naman itong nasuungan ni Heidie? It was disconcerting enough just to be held this close by a stranger. His thighs were hard as they moved against hers.

“Gusto ko nang magpahinga.”

“Bakit?”

“Look, Mr. Soriano. Ayokong makipagsayaw, lalo na sa kagaya mo.”

“All right. Look, I’m sorry. Maybe I was coming on a little too strong. Sinabi kong gusto kita una pa lang. Masama bang maging prangka?”

“A little too strong? Masyado kang mayabang at arogante.” Pagkasabi niyon ay pilit siyang kumawala sa pagkakahawak nito. Bahala na kung makakakuha siya ng atensyon ng iba pang nagsasayaw.

Mabilis ang lakad ni Heidie. Sana ay huwag na siya nitong sundan.

Pero nagkamali siya. Sinundan siya ng lalaki.

He grabbed her by the arm. “Heidie...”

“Leave me alone.”

Hindi siya binitawan ni Danzele. “I’m sorry. Benjie gave me the impression that...”

Hinarap niya ito. “Na pakawala ako? Gan’on?”

“Let me explain—”

“I am not asking for your explanation, Mr. Soriano. It isn’t nice meeting you.” Pagkasabi niyon ay tinalikuran niya ito at mabilis na nilisan ang pagtitipon. Bahala na kung may nakapansin sa pakikipagtalo niya kay Danzele Soriano.

Dere-derecho siyang nagtungo sa kotse niyang naka-park sa labas ng restaurant. Tatawagan na lang niya mamaya si Maia at magpapaliwanag.

Nanggigigil siyang hindi mawari habang nagmamaneho. Parang gusto niyang umiyak pero bakit naman niya gagawin iyon? Ipinangako ni Heidie sa sarili magmula nang lumisan siya sa San Nicolas nang mismong araw ng kasal niya na hindi na siya iiyak.

What was that Danzele Soriano up to? Hindi niya ito kilala para tratuhin siya nang ganoon.

Hindi rin niya maintindihan ang sarili kung bakit may kaunting panghihinayang siyang naramdaman. Siguro kung gentlemanly ang approach nito sa kanya kanina, malamang na mas okay pa. Malamang na nakipag-usap siya rito nang matagal, nakipagsayaw siya nang maayos. But he was too arrogant. Napakapresko nito.

Sa bahay nila sa dulo ng bayan nagtuloy ang dalaga. May kamag-anak sila na naglilinis ng bahay nila tuwing araw ng Linggo kaya hindi napapabayaang iyon. Ang bahay na iyon ang balak niyang ibenta para makatulong sa kanyang negosyo sa Maynila. Hindi ganoong kabilis ang bentahan kaya ang plano ni Heidie ay isangla muna iyon sa bangko pansamantala.

Hanggang sa nakarating siya sa bahay ay ang nakangiti pa ring mukha ni Danzele Soriano ang nakikini-kinita niya.

Maraming dumaloy sa kanyang gunita. Iyon na nga ba ang ikinakatakot niya sa pagbabalik sa bayang iyon. Pero ang sabi ng mga magulang, baka raw sapat na ang lumipas na panahon para tuluyan niyang malimutan ang lahat.

3

Kinabukasan na ng umaga sila nagkausap ni Maia. Tinawagan niya ito sa telepono. Humingi siya ng pasensya rito.

“Hay naku, nagulat na nga lang ako nang bigla ka na lang nag-disappear. I thought you were having a grand time with Danzele,” ani Maia.

“That bastard!”

“Bakit? Ano ba’ng nangyari? You were dancing last night. I thought you were getting along well. He is a handsome hunk, you know.”

“Sira na nga ang gabi ko kagabi dahil sa mga nakakauyam na tingin at bulungan ng mga tao, lalo na ni Mrs. Gomez, mas nasira pa dahil sa lalaking ’yon.” Ikinuwento ng dalaga ang nangyari.

Narinig niya ang pagtawa ni Maia sa kabilang linya. “Laki kasi sa States ’yang si Danzele kaya may pagka-straightforward. Una siyang nagtayo ng negosyo sa Manila pero mas piniling mag-settle dito sa San Nicolas. Alam mo bang ang mga babae sa San Nicolas, mangitian lang niyang si Danzele, langit na para sa kanila? Makatunaw-pantyliner daw

ang ngiti niyan. Pinapangarap ng lahat ng taga-rito si Danzele na maging boyfriend o asawa.”

“Well, not me. Masyado siyang conceited at akala mo kung sino.”

“He’s Mark’s second cousin.”

Nagulat si Heidie. “What!” Baka kaya siya nito binuwisit kagabi? Kaya derechahan nitong sinabi na gusto siya ay dahil balak nitong gantihan siya para kay Mark. Lalo lang siyang nagngitngit.

“Yup. Cousin siya ni Mark. Nagbalik-bayan siya right after you left and decided to put up his own business here in San Nicolas, after selling his newly-acquired business in Manila. Mas gusto raw niya ang tahimik na lugar. Nakita mo na ba ang mini-mall sa plaza? That’s his. Siya ang CEO ng *San Nicolas Mini-Mall*. ”Tapos, ka-partner pa siya nina Zosimo at Benjie sa papermill company sa kabilang bayan. He had the biggest share of stocks kaya siya rin ang CEO niyon.”

“Kaya pala ganoon siya kayabang.”

“Hindi naman. He’s just honest and straightforward. Laking-America nga kasi. Matagal-tagal na rin siyang kaibigan ni Zosimo at base sa kuwento ni Zosimo, Danzele says what he feels. Hindi siya

ipokirito at plastic. Kaya nga sila nagkasundo agad.”

“I thought si Mrs. Gomez na ang pinaka-sisira ng gabi ko, ang Danzele na ’yon pala.”

“Naku, how sad. Siya pa naman ang ka-partner mo sa wedding. Siya ang bestman ni Zosimo.”

Nanlaki ang kanyang mga mata, pati na yata ang butas ng kanyang ilong. “What!”

“Oh, yes. Bakit? Hindi mo ba nakita sa invitation?”

“Hindi ko pa nabuksan,” sagot ni Heidie. “It doesn’t matter. Hindi naman uubra ang istilo niya sa akin. Lalo pa’t alam ko na pinsan pala siya ni Mark. Ang wedding mo na ang pinahuling pagkikita namin.”

“Maliit na bayan lang ang San Nicolas, alam mo ’yan. Baka hindi lang sa kasal namin ni Zosimo kayo magkita.”

“Sana naman huwag magsalubong ang landas namin. He annoyed me so much. Baka hindi ko siya matantya sa susunod.”

“The ladies in San Nicolas think otherwise. He’s known to be dating the most eligible bachelorettes in town kabilang na ang anak ni Mayor.”

“Kaya siguro yumabang nang ganoon ’yon dahil sa atensyon na ibinibigay ng mga taga-rito. Kaga-bi nga, sobrang makipagtawanan kay Benjie. And speaking of Benjie, hindi ko akalain na tsismoso pala ang kababata nating ’yun. Sinabi ni Danzele na ’yon na marami raw ikinuwento sa kanya si Benjie tungkol sa akin.”

“Sus, normal na ’yon dito. At saka di ba pinsan nga siya ni Mark? Malay mo nagkuwento si Mark tungkol sa nangyari.”

Nasisiguro niyang kung nagkuwento man ang dating nobyo, hindi iyon ang totoo. Pinili na lang ni Heidle na huwag sumagot.

Well, bakit ba siya mamomroblema? Kung sa loob nga ng mahigit tatlong taon ay hindi niya inalintana kung anuman ang tumatakbo sa utak ng mga taga-San Nicolas, ngayon pa kaya?

At sino ba ang Danzele na iyon sa kanya? He was just a stranger. An arrogant stranger who thought she was an easy girl. Damn him!

Bago pa masira ang kanyang araw, minabuti ni Heidle na simulan ang kanyang umaga sa pagdya-jogging. Alas siete pa lang noon, hindi pa matindi ang sikat ng araw. Masarap tumakbo sa palibut-li-

bot. Madalang ang bahay sa gawi nila. Tanya niya, walang nadagdag sa mangilang-ngilang bahay sa bahaging iyon ng bayan mula nang lisanin nila ang San Nicolas.

Ilang linggo matapos siyang umalis doon, sumunod na ring umalis ang kanyang mga magulang. Ang itay niya na si Mang Melchor ay natanggap naman agad sa pagtuturo sa isang eskwelahan sa Maynila. Ang kanyang inang si Aling Gloria ay itinu-loy ang business nitong buy and sell ng mga alahas. Sarili na rin nila ang bahay na tinitirhan. Nabili iyon ng mga magulang na luma at ipina-renovate na lang. Ang silong ang ginawa niyang patahian. May puwesto naman ng boutique si Heidie sa Greenhills. Kahit paano ay kumikita siya. Gusto nga lang niyang mas lumago pa iyon kaya kailangan niya ng mas malaking kapital.

Ilang kilometro mula sa bahay nila ay may dagat. Sa gawing likuran iyon. Sa gawing kaliwa naman ay may mga pataniman ng palay at mais.

San Nicolas was an agricultural town. Nagulat nga lang siya kanina nang malaman mula kay Maia na may mini-mall na pala sa plaza. She had never been in the town proper since she arrived from Manila.

Kahit paano ay nag-improve na rin naman pala ang San Nicolas kung ekonomiya ang pag-uusapan. Agricultural at industrial town na ito ngayon. Ang hindi na lang nagbabago ay pagiging tsismosa ng karamihan sa mga tao. Hindi naman siguro lahat, pero karamihan ay mahilig talagang pag-usapan ang buhay ng may buhay.

Sinadya ni Heidie na huwag lumayo sa gawi ng bahay nila. Sa mismong loob na lang ng bakuran siya nagpatakbo-takbo. Kahit ilang metro ang layo ng bahay nila sa kapitbahay ay minabuti na rin niyang huwag magpakita sa mga iyon para maiwasan ang mga posibleng pagtatanong ng mga ito. Kung aalis naman ang dalaga ay sakay siya ng kotse kaya okay lang.

Nang napagod sa mahigit tatlumpong minutong pagtakbo ay nag-brisk walking na lang siya. Hindi na niya magawang mag-gym sa Maynila kaya na-miss niya talaga ang pagpapapawis. Gayunman, na-maintain naman niya ang magandang hubog ng kanyang katawan. She was blessed with perfect curves and flawless skin.

Mag-a-alas-ocho na nang pumasok si Heidie sa kabahayan. Nagtuloy agad siya sa banyo para mag-shower pagkatapos na tuyuin ng tuwalya ang

pawis. Magaang-magaan ang kanyang pakiramdam nang lumabas siya ng banyo. She was wearing a loose white big cotton shirt when she came out of the shower. Kinukuskos niya ng puting tuwalya ang mahabang buhok nang marinig niya na may kumakatok sa pinto. Naisip niyang baka ang kamag-anak nilang naglilinis sa bahay ang dumating.

Wala sa loob na binuksan ni Heidie ang main door. Bigla ang pagtahip ng kanyang dibdib nang napagsino ang kumakatok. Si Danzele Soriano!

She instantly felt her heart in her throat. “Ano’ng ginagawa mo rito?” nagawa niyang itanong. Bigla niyang naalala ang mga ginawa at sinabi nito nang nakaraang gabi.

He was wearing dark glasses but she knew he was scrutinizing her. “May pinuntahan ako sa gawi dito, I’m just dropping by. Tinanong ko kay Benjie kung saan ang bahay mo. Hindi mo naitatanong, malapit lang din dito ang bahay ko. Sa may Acacia Street. The green house is mine.”

Alam niya kung saan iyon. Naglalakihan nga ang mga bahay roon—mga mansion.

He was half-smiling. Batid niyang nakatitig ito sa kanya kahit nakasuot ito ng madilim na salamin.

The thought made her shiver.

She stubbornly refused to cover herself with the towel in her hand. Manipis na puting loose shirt lamang ang suot niya at bikini. Ni wala siyang suot na bra. Pero kapag ipinakita niyang naiilang siya sa presensya ng lalaki, baka isipin nitong naduduwag siya. She was not about to give him the satisfaction of seeing her rattled. She was a modern city girl. She was not an old maid. Gayunpaman ay ayaw rin niyang isipin ni Danzele na gusto niya ang presence nito.

“Ano’ng kailangan mo?”

“Aren’t you going to invite me in?”

“Masyado pang maaga pa para tumanggap ako ng bisita. Ni hindi pa oras para magsuot ng shades,” patutsada ni Heidie. “And I only allow friends inside my house.”

Ngumiti ito sabay tanggal ng suot nitong *Oakley* sunglasses. Bigla ay nagsisi siyang pinaringgan pa niya ito. Sana ay hindi na lang nito tinanggal ang suot nitong salamin. His eyes were more alarming now. She wished his charm was easier to ward off.

“I was just being nice. I was only trying to make you feel welcome.”

“You don’t need to do that. I grew up here, remember?”

“Then by comparison, that makes me the newcomer. You should be nice to me.”

Hindi dapat magpatalo ang dalaga sa wit at charm ng kausap niya. Danzele Soriano was a shock to her system. She had never met anyone as straightforward as him in Manila. Marami na siyang nakilala pero iba ang dating ng lalaking ito. Iyon lang ang maaari niyang idahilan sa mabilis na pintig ng kanyang puso ngayong kaharap niya ito. Idagdag pa ang inis na naramdaman niya rito kagabi.

“Mr. Soriano...”

“Danzele,” he corrected.

“Danzele na kung Danzele! I know your motives.”

“What motives?”

“Alam ko na pinsan ka ni Mark.”

Nakita niyang tumaas ang gilid ng labi ng kahaap. “Oh yeah. So?”

“So you told me you like me at kung makakalusot ka, you’ll be getting even with me.” Umiling-iling

si Heidie. “Ngayon pa lang, sinasabi ko na sa iyo na hindi mangyayari ang iniisip mo.”

“Let me tell you this. Alam ko na iniwan mo sa gitna ng altar ang pinsan ko. Pinahiya mo siya but that has nothing to do with my wanting to know you and wanting to...” Ibinitin nito ang sasabihin bago siya tinitigan.

Nag-init ang kanyang mga pisngi. “Look, Danzele, hindi ko alam kung ano’ng sinabi sa iyo ni Mark o ni Benjie tungkol sa akin but—”

“Mark didn’t tell me anything about the issue three years ago. We were not that close. Benjie told me a lot about you but I formed my own opinions. Unang-una, hindi ako nakikipaglapit sa ’yo para iganti ang pinsan ko. I know you have reasons for leaving him. Iyon ang gusto kong malaman.”

“At sa tingin mo, sasabihin ko ’yun sa ’yo? Kung sa parents ko nga at sa best friend ko, hindi ako nagsabi, sa iyo pa kaya? Who are you to form opinions about me? Hindi mo ako kilala.”

“Kagabi, habang tinititigan kita, pinag-aaralan na kita. Base sa mga speculations na sinabi ni Benjie sa akin, I have come to realize some things.”

“I thought you’re a businessman, psychologist

ka pala,” papilosopong sagot ng dalaga.

Hindi nito pinansin ang sinabi niya. “Did you realize that you mouthed the words to every song the band played last night?”

Hindi nakapagsalita si Heidie. She knew arguing at this point was pointless. Singing along with the radio was a habit of hers. “I love music.”

“And food,” dugtong ng kausap. “Alam mo kung ano’ng pagkain ang bagay sa iyo. Food with eye appeal, bagay sa iyo ’yon, gaya ng strawberry.”

Gosh! Gaano katagal ba siya nitong pinagmasdan at pinag-aralan? She felt exposed and vulnerable. “You should have become a window peeper.”

He laughed. “How do you know I’m not?”

Bahagya siyang inalihan ng kaba pero iyong klase ng kaba na may kasamang ibang pitlag ng puso. Goodness, hindi kaya isa itong maniac at naghahanap ng biktima?

“Relax,” anang lalaki. “I’m not that subtle. Nor that masochistic. Kung interesado ako sa isang bae. I want to do more than peep at her. I would want to touch.”

Naiinis si Heidie sa sarili. Dapat ay ipagtabuyan

niya ito sa mga pinagsasabi nito. Dapat ay sampalin niya ito gaya ng naipangako niya kapag sinabihan pa siya ng kung anu-ano, pero hindi niya magawa. “I should have guessed. Ang gaya mo, masyadong malakas ang bilib sa sarili. Kawawa naman ang mga babae dito sa San Nicolas.”

Hindi pinansin ni Danzele ang pasaring niya. “Now, aren’t you going to invite me in?”

Humugot ang dalaga ng malalim na buntong-hininga. Niluwangan niya ang bukas ng pinto. “Pumasok ka.” Sa tingin niya, hindi ito titigil sa pangungulit.

“Thanks,” tuwang-tuwang sabi ng lalaki. Pakiramdam nito siguro ay nanalo ito sa pakikipagtalos sa kanya.

“I’ll just change,” paalam niya bago nagtuloy sa sariling kuwarto. Habang nasa silid siya at nagpalit ng damit ay hindi niya lubos-maisip na nasa loob ng bahay nila si Danzele Soriano. Nagsuot siya ng maong na pantalon at t-shirt na itim.

Nang lumabas siya ay kampanteng nakaupo na ito sa sofa sa salas.

“Ikukuha muna kita ng coffee,” sabi ni Heidie bago nagtuloy sa kusina. Hindi niya alam kung bakit

tila naging abnormal ang pagpintig ng kanyang puso sa mga sandaling iyon. Ayaw niya ng kanyang naramdaman.

“You have a nice home.”

Muntik na siyang mapapitlag nang marinig ang boses nito sa kanyang likuran. “Thanks,” nagawa niyang sabihin. “This house is small.”

Nakita niyang naupo si Danzele sa dining chair, paharap. Iniyakap nito ang dalawang kamay sa sandalan. He seemed very relaxed. Ibinaba niya ang puswelo ng kape sa tapat ng lalaki. “Inumin mo na habang mainit.”

Humigop nga ito. “Hmm... sarap.” Sinulyapan siya nito. “Sabi nila, nasa nagtitimpla daw ang isa-sarap ng kape.”

“Are you here to discuss how coffee should be mixed? For your information, three-in-one sachet ang tinimpla kong ’yan.”

Tumawa ito nang pagak. “I know pero kung hindi mo tantyado ang dami ng tubig na ilalagay, hindi rin masarap ang lasa kahit three-in-one mix.”

Nonsense. Hindi alam ni Heidie kung uupo ba siya o mananatili na lang nakatayo. Sumandal siya

sa lababo.

“Hindi ka ba nagbi-breakfast?”

“I had coffee. I don’t usually eat breakfast.”

“Gusto mong kumain sa plaza? There’s this new restaurant there that serves delicious food.”

“I have no plans of going out... especially with people I don’t know.”

“You know me.”

“I don’t like you.”

Ikiniling ni Danzele ang ulo. “That’s too bad. Balak ko pa namang siguruhin na gugustuhin mo ako.” Tumayo ito.

Napaurong nang bahagya si Heidie. Sa oras na may gawin itong masama sa kanya ay hindi niya alam kung paano ito lalabanan. Nagkamali yata siya sa desisyong patuluyin ang lalaki.

Humakbang ang kaharap palapit sa kanya.

She alarmed. “Ubusin mo na ang kape mo at umalis ka na.”

“Why? Are you scared?”

“W-why should I be scared?”

Huminto ito sa paghakbang nang may isang dipa na lang ang layo sa kanya. “You shouldn’t be scared. I will not do you any harm. I like you too much to do that.” Humakbang pa ang binata at hinaplos ng palad ang kanyang pisngi.

Para siyang napasos. Hinawi niya ang kamay ni Danzele.

Ngumiti ito. Muli ay naupo ang lalaki sa silya at humigop ng kape. Mukhang wala pa itong balak na umalis.

Saka lang humupa ang matinding kabog ng kanyang puso. “Ubusin mo lang ang kape mo, umalis ka na and don’t talk to me again.”

“I guess I can’t do that.”

“Baliw ka ba o talagang mahirap ka lang kausap?”

Umiling ang bisita. “Mahirap bang intindihin ang sinabi ko? I like you. Benjie told me quite a story about you.”

“Ano ba’ng pinagsasabi ng Benjie na ‘yon sa ‘yo?’”

“Sinabi ni Benjie ang ilang espekulasyon kung bakit umalis ka sa mismong araw ng kasal ninyo ni Mark.”

Parang nagsikip ang kanyang dibdib. “Gaya ng ano?” Memories overwhelmed her.

“Marching down the aisle and out of the church, leaving everybody, the groom included, was not quite impressive. That took a lot of guts for you to do it.” Derechong nakatingin sa kanyang mga mata si Danzele nang sabihin iyon.

Parang may nakabikig sa kanyang lalamunan kaya lumunok muna siya bago nagsalita. “I couldn’t marry him.”

“If I were you, I would’ve done the same. My cousin Mark seems as dry as yesterday’s toast. He would never have satisfied a sensuous woman like you. He wouldn’t even know how to start.”

Para siyang sinampal. “How dare you say that? It’s not the reason, for Christ sake!”

“Then what? Bakit ka umalis, Heidie?”

“None of your damn business!”

He laughed. Para bang nasisiyahan si Danzele na makita siyang naiinis, nagagalit. “And apparently, nobody else’s either. Hanggang ngayon, wala pang nakakaalam ng tunay na dahilan. Kaya maraming espekulasyon.”

“Wala akong pakialam sa iniisip nila.”

“Like a baby.”

Nagulat ang dalaga. “What? They think I was pregnant?”

“Akala ko, wala kang pakialam sa iniisip nila.”

“Damn it! Ituloy mo ang sinasabi mo.”

Lihim na ngumisi ito. “According to Benjie, that was everybody’s first guess. You couldn’t bear the shame that’s why you left.”

“That’s nonsense. Maraming ikinakasal na buntis.”

“Only if she’s carrying the groom’s baby.”

Gustong matawa ni Heidie sa nais nitong ipabatid. “Ah, iniisip nila na buntis ako at hindi si Mark ang ama. That’s disgusting. I never had a baby.”

“That’s everyone’s second theory. You were supposed to have a baby but you didn’t.”

Nanlaki ang mga mata niya. “Don’t tell me... they were thinking that I had an abortion?” Tumanago ito. “Horrible! Kaya pala hindi nakatiis ang parents ko at sumunod sa akin sa Manila. Ni hindi sila nagsabi sa akin.” Hindi naman masisi ng dalaga ang

mga ito maging si Maia dahil ayaw nga niyang pag-usapan ang nangyari noon. “Tell me the rest of it. Ano pa’ng sinabi nila?”

“Huwag mo nang itanong. It gets real nasty from there.”

“Damn, Danzele! Sabihin mo na. Naumpisahan mo na.”

He drew a deep breath. “Some thought you might have been on drugs.”

“Ridiculous. What else?” Hindi niya akalaing nakikinig siya ngayon sa mga sinasabi ng isang estranghero tungkol sa iniisip sa kanya ng mga kababayan. Weird!

“Some thought you like girls better than boys.”

Kalmante na si Heidie ngayon. Bakit ba siya magpapadala sa emosyon? Those were just speculations at hindi totoo. Bakit siya magpapaapekto?

“Lahat ng sinabi ko ay kuwento lang ni Benjie at ng asawa niyang si Jona. Pero hindi rin sa kanila nagmula ang mga iyon. Narinig din lang nila. And there’s this thing that, well... hindi bale na lang...”

Sinulyapan niya ang kausap. “Sabihin mo na. Don’t stop.”

“Are you... are you frigid, Heidie?”

“This is terrible! I can’t believe this! Dahil hindi ko pinakasalan si Mark, frigid na raw ako?”

“Well, alam mo na. Boys talk. You had many boyfriends in the past before Mark but you never...”

“Went all the way?”

“From what I heard, you left all your exes hot and bothered. You’d only go so far, then zip.” Tumawa si Danzele. “I didn’t mean that literally.”

Heidie was immobilized when the realization struck her. “Sinadya mo lang na sabihin ang lahat ng ’yan para mainis mo ako! How dare you! It’s not true. I am not frigid!”

“No. There was a gossip about a baby, an abortion, the lesbian issue, the drug addiction and all the rest.” He looked at her intently. “I only added the part about you being frigid to see how you will react.” He was smiling. “I didn’t believe that either because I know... you’re hot as a firecracker.” Pagkasabi niyon ay tumayo ito at nilapitan siya. Hinawakan siya nito sa magkabilang balikat. “I just knew you’re hot...”

The Second Time
Around

1

Ang mundong ginagalawan ni Shaina ay umiikot lamang sa maliit na porsyento ng populasyon ng Pilipinas na kinabibilangan ng mga elite. At nakakasawang iisang klase ng tao ang nakakasalamuha niya. Ito ang klase ng tao na ang pakiramdam, paniniwala at lengguwahe ay iisa. Mga taong iisa ang mga karanasan—ang makapag-aral sa pinakamagandang boarding schools at colleges sa ibang bansa, tumira sa mga mansyon, sumakay sa mga yate at private jets.

Sila ang tinaguriang the privileged, the chosen few, set apart from all others dahil sa isang bagay na dinidiyos: pera. Ang sabi nga, let the rest of the world believe that money could not buy everything, dahil iba ang paniniwala ng mga kauri niya. Pera ang bumili ng kanilang ganda, pag-ibig at kaligayahan pati na karangalan. Ngunit nang makilala nya si Carlo ay napatunayan niyang hindi lang pulos materyal na bagay ang magpapaligaya sa isang tao.

Patago ang relasyon nila ng lalaki. Alam niyang hindi papayag ang kanyang mga magulang na magkaroon siya ng relasyon sa hindi nila kauri.

The Second Time Around - Connie C. Causing

Ngunit kahit kaunting oras at pulos nakaw ang pagsasama nila ni Carlo, maligayang-maligaya siya.

“Pangalawa na ’to, Shaina. Pagkapos ay labas na tayo, ha?” pangungulit ni Yaya Miding dahil inulit nila ang sineng pinapanood.

Hindi naman iyong pelikila ang habol nila ni Carlo kundi gusto nilang magkasama nang matagal.

“Baka mainip ’yung bodyguard mo’t sunduin na tayong dalawa dito,” nag-aalalang dagdag pa ng tagapag-alaga.

“Don’t worry, Yaya,” bulong ni Shaina rito na hindi inaalalis ang pagkakahilig ng ulo sa balikat ng nobyo. “Binigyan ko po ’yon ng pera para makapanood at makalibot dito sa mall.”

“Ay, naku!” anito. “Huwag kang masyadong magtitiwala doon, medyo tuso ’yon.”

“Oo nga, babes. Buti pa, labas na tayo,” sabad ni Carlo. “Mainam na rin ’yong nag-iingat tayo.”

“Oh, all right,” aniyang nagpahinuhod.

“Hay, salamat!” usal ni Yaya Miding, sabay tayo.

Habang palabas sila ng sinehan ay magkahawak silang dalawa ng mga kamay.

The Second Time Around - Connie C. Causing

Gusto niya ang hawak ni Carlo, ang dama ng isang lalaking nagmamahal. Matipuno at malakas ang kamay nito, parang kayang-kaya siyang ipagtanggol laban sa lahat ng panganib sa mundo.

Tiningala ni Shaina ang matangkad na nobyo. Bumagay sa mabulas nitong pangangatawan ang height na six feet. At kaaya-ayang pagmasdan ang guwapo nitong mukha. Inaamin niyang sa una nilang pagkikita ay napakalakas na ng physical attraction niya rito. Parang nanghihipnotismo ang itim at maningning nitong mga mata na tinernuhan ng malalagong kilay. At isa pang nakakaakit ay ang maamo nitong ngiti. Tuwing ngingiti ito ay lumilitaw ang mapuputi at pantay-pantay nitong ngipin.

Napansin ni Shaina na tila napatda sa pagkakatayo ang kanyang yaya na parang may nakitang multo.

“Bakit po?”

“Huwag kang lilingon,” mahina nitong sabi. “Lumayo ka na kay Carlo at paparating na si Tony.” Ang tinutukoy nito ay kanyang driver-bodyguard.

Dagli niyang binitawan ang kamay ng nobyo at patay-malisyang silang dumistansya sa isa’t isa. Pumagitna na sa kanila si Yaya Miding.

Sakay na sila sa *Mercedes-Benz* nang tumunog

The Second Time Around - Connie C. Causing

ang kanyang cellphone. Alam niyang si Carlo iyon; sinasabi ng message nito na mag-iingat siya at may kasama pang 'I love you.' Nangingiting nag-reply si Shaina, pagkuwan ay nagmamadaling binura ang message.

Narating nila ang mansyon sa *Forbes Park*. Awtomatikong bumukas ang malaking gate.

Tatlong palapag ang mansion na napapalibutan ng mataas na pader. Napakalawak ng bakuran nito na sa unang pagtuntong ng sinumang bisita ay talaga namang nakakalula.

Ipinasok ni Tony ang sasakyan at binaybay ang malawak at napakahabang driveway. Humimpil iyon sa tapat ng front door.

Pagkapasok nila sa loob ay niyakap niya nang buong higpit si Yaya Miding.

“Marami pong salamat! Ang saya-saya ko!”

“Pasalamat ka’t uto-uto ang yaya mo. Konting ingat lang, Ineng, at baka malaman ng mga magulang mo. Patay ako.”

Humagikgik siya. “Mag-iingat po! Sige, Yaya, sa uulitin, ha?”

Nag-thumbs-up ang cincuenta años na tagapag-

alaga. “Basta ikaw!”

Nakangiting tumakbo siya papanhik sa napakahaba at palikong hagdanan. Nang marating ang silid ay parang batang ibinagsak niya ang katawan sa malaking kama.

Parang silid ng isang prinsesa ang kanyang bedroom. Wall to wall ang carpet, imported ang wallpaper na floral ang disenyo at white and baby pink ang kulay. Ang nagdo-dominate sa kabuuan ng silid ay ang malaking brass bed.

Mayamaya ay tumayo si Shaina at tinungo ang antigong tokador. Pinagmasdan niya ang kanyang mukha. Naggo-glow iyon sa kaligayahan.

Ang reflection na nakikita ay ngayon lang niya lubusang na-appreciate. Prominenteng mestiza features—makinis na kutis, malamlam at abuhing mga mata, matangos na ilong at maninipis na labi. At idagdag pa, twenty-four inches ang kanyang baywang at ang gandang tingnan ng shape ng balakang niya lalo pa’t may kaumbukan ang kanyang puwit.

Kahit sinong makakita sa kanila ni Carlo ay napapaligon. Bagay kasi silang dalawa. Parehong mukhang artista.

Mayamaya ay kinuha niya ang kanyang cellphone

The Second Time Around - Connie C. Causing

at nag-text sa nobyo. Nakatulog siyang abot-tainga ang ngiti.

Hindi nakasamang magsimba nang linggo na iyon si Yaya Miding dahil sinusumpong ito ng arthritis.

Pagdating na pagdating ni Shaina, himalang tila naglaho ang sakit at sinalubong siya nito.

“Halika sa kuwarto mo at may sasabihin ako sa’yo!” anito na hatak-hatak ang kanyang kamay.

Pagdating nila roon ay mabilis nitong isinara ang pinto at ini-lock. Medyo kinabahan ang dalaga sa ikinikilos nito.

“B-bakit ho?” kumakabog ang dibdib na tanong niya.

“Maghanda ka na kung ano ang gagawin mo. Alam na ng mga magulang mo ang tungkol sa inyong dalawa ni Carlo!”

Parang bombang sumabog iyon sa kanyang pandinig. Sa tindi ng pagkabigla ay nanlalambot na napaupo si Shaina sa kama.

“P-pa’no nangyari ’yon?” takang bulalas niya. Alam niyang naging maingat sila ng katipan.

“Nakatunog si Tony. Hindi natin alam ay lagi palang nakasubaybay sa atin ang bodyguard mo. Dahil sa natuklasan niya, may bonus siyang natanggap.”

May gumuhit na tampo sa kanyang dibdib sa ginawa ng bodyguard. Naging mabait naman siya rito. *Iba talaga ang nagagawa ng pera*, ang nanlulumo niyang amin sa sarili.

Huminga siya nang malalim, pinakalma ang sarili. “Alam n’yo po ba kung ano ang plano nina Mommy at Daddy?”

Malungkot na tinitigan siya ng kanyang yaya. “Hindi ka na nila ie-enroll ngayong pasukan sa International School sa Makati. Dadalhin ka nila sa States at doon na raw papag-aralin.” Tumutol ang isip niya. Hindi siya papayag na magkalayo sila ni Carlo.

“Yaya, tulungan mo akong gumawa ng paraan. Ano ang gagawin ko?”

“Huwag kang maingay; may naisip na akong plano pero nasa sa ’yo kung gusto mong gawin. Dinig ko lang kanina na aalis ang mommy at daddy mo at tutungo sila sa Singapore; apat na araw sila doon. Makikipag-meeting daw sila sa magiging kasosyo nila dahil may plano silang magpatayo ng hotel doon. Kaya habang wala sila, makipagtanan ka na

kay Carlo!”

Napabuntong-hininga si Shaina. “Iyon nga ang balak ko, Yaya. Dahil kapag hindi ako sumuway sa gusto nila, tuluyan na kaming magkakalayo.”

“Huwag kang magpapahalatang alam mo na ang plano nilang dalhin ka sa States, ha?”

Tumango siya. “Ang problema ko ay ang bodyguard ko. At tiyak ko na maiiwan din ang isa nilang bodyguard na si Juancho.”

“Hamo, ako’ng bahala,” nakangiting sabi nito.

2

Hindi niya kinakitaan ng kilos ang mga magulang na alam na ng mga ito ang tungkol sa kanyang relasyon kay Carlo. Alam ni Shaina na nilalansi siya ng mga ito para maisagawa ang plano.

Hindi rin siya nagpahalata sa nalalaman. Kung ano ang iutos ng mga ito ay ginagawa niya.

At nang tumulak ang dalawa patungo sa Singapore, isinagawa na nila ni Yaya Miding ang kanilang plano.

Una, binola-bola nila ang dalawang bodyguards para payagan silang umalis. Pinagsilbihan ng matanda ang mga ito at dinalhan ng merienda. At sa tulong nito, nalansi nila sina Tony at Juancho. Nilagyan nila ng pampatulog ang ibinigay nilang softdrinks sa mga ito. Nang tulog na ang dalawa ay binitbit nila ang kanilang travelling bag, sumakay sa *Mercedes-Benz* at pinaharurot iyon ni Shaina palabas ng bakuran.

Sa isang bangko tumuloy ang dalawa. Alam niyang kakailanganin nila ng pera sa kanilang pagtakas.

“Yaya, baunin mo ito sa pag-uwi mo.” Iniabot ni

Shaina kay Yaya Miding ang kalahati ng perang ini-withdraw niya.

“Ang laki naman n’yan, Ineng,” tanggi nito.

“Yaya, baka matagal tayong di magkita. Mabuti na ’yong may pangnegosyo kayo.” Inilagay niya sa palad nito ang pera.

Alam nilang damay na ang tagapag-alaga sa kanyang paglayas kaya minabuti nilang umuwi na muna ito sa Batangas.

“Sige, ikaw ang bahala, Ineng.” Napipilitang tinanggap nito ang pera at isinilid sa bag. “Basta sulatan mo ako sa address na ibinigay ko, ha? Kapag may problema ka, puntahan mo ako doon. Basta ipagtanong mo lang ako sa Malimatoc at kilala ako doon.”

Maiyak-iyak na niyakap niya ang matanda na magmula pa noong tatlong taong gulang siya at kasa-kasama niya.

“Mag-ingat po kayo.”

“Ikaw din.”

Nagkahiwalay na sila ng landas ni Yaya Miding. Iniwan na lang ni Shaina ang kotseng dala sa parking lot ng *BPI*. Alam niyang mas madali silang matutunton

kung gagamitin niya iyon sa pagtakas nila ni Carlo.

Nag-taxi siya patungo sa *Cindy's* na pinagtatrabahuhan ni Carlo na nasa *Shoemart Makati*. Nadatnan niya itong ibinibigay ang order ng isang customer.

Umupo siya sa isang bakanteng mesa at hinintay na makatiyempong makakaway sa nobyo.

Nagulat ito nang matanawan siya sa kanyang puwesto at natigilan nang dumapo ang paningin sa dala niyang travelling bag. Nagmamadali itong lumapit sa kanya.

“Itatanan mo na ako?” bungad na biro nito pero halata ang kaba sa mukha at tinig.

“Seryoso ako, Carlo, tumakas ako.”

Tumango ito. “Halata ko nga. Bakit?”

“Alam na sa amin ang tungkol sa ’ting dalawa at dadalhin ako sa States ngayong pasukan.”

“Ah, ’yan ang di ko papayagang mangyari.”

“Kaya nga tumakas ako. Nagtungo sina Mommy at Daddy sa Singapore pero four days lang sila doon. After that, alam kong hahanapin na nila ako.”

“Thirty minutes pa at matatapos na ang duty ko.

Tatapusin ko na lang, ha?”

“Sige,” aniyang tumango.

Makalipas ang forty minutes, mabilisan nilang nilisan ang restaurant.

“Hindi ka puwede sa boarding house na tinutuluyan ko. Puro kami barako doon,” sabi ni Carlo nang nakasakay na sila ng taxi at binabaybay ang daan patungo sa tinutuluyan nito.

“At malakas ang kutob ko na masusundan tayo doon ng bodyguard ko. Nasisiguro kong alam na niya kung saan ka nakatira,” nag-aalalang sabi niya.

“So, what’s your plan? Wala akong kamag-anak dito.”

“Mag-rent tayo ng apartment,” mabilis niyang suhestyon.

Nag-isip ito. “Babes, maliit lang ang kinikita ko. Baka di ko kaya ang magbayad ng buwan-buwang renta sa apartment,” malungkot nitong tutol.

“Alam ko naman ’yon, eh, kaya hahanap tayo ng murang tirahan. At pansamantala, tutulungan kita sa pagbayad. Nag-withdraw ako sa bangko.”

Napailing ito. “Parang nahihiya tuloy ako. Ang

lakas ng loob kong itanan ka pero hindi naman kita kayang buhayin.”

“Ang drama nito,” ani Shaina, nagtatampo. “Tumigil ka na d’yan. Masyado mo namang minamaliit ang sarili mo. Nagkataon lang na ako ang may pera ngayon, di ba?”

Sumilay ang isang pilit na ngiti sa labi ng katipan. “I’m sorry...” anas nito saka banayad na hinalikan ang kanyang noo.

Humilig siya sa balikat nito. “Okay, para di ka mabigatan, isang room na lang ang ire-rent natin. Marami naman sa tabi-tabi, di ba?”

Narating nila ang boarding house na tinutuluyan ni Carlo. Matapos nilang limasin ang mga gamit at damit ng lalaki ay nagpaalam na ito sa mga kasamahan at sa landlady.

Ang kaibigan nitong si Jun ang nagpayo rito. “Pare, ingat kayo. Kung gusto n’yong magtago, sa medyo malayo. May alam akong mga paupahang apartments at kuwarto sa Fairview. Doon kami galing ng kapatid ko at marami ding mapapasukan doon.”

Tinapik ni Carlo ang braso nito. “Salamat sa payo, pare. Sige, doon kami titingin ng matitirahan ni Shaina.”

At lumarga na sila.

Sa kahahanap ay may natagpuan din silang isang kuwartong for rent sa Fairview, isa sa limang pintong paupahan ng matandang dalagang si Aling Helen. Sinadyang luwagan ang loob para puwede nang pagsamahin ang silid-tulugan, sala at komedor. Ang kusina naman ay nasa labas, sama-samang magluluto lahat ang mga boarders. Pati ang banyo ay nasa labas din.

“Bagong kasal ba kayo?” kaswal na tanong ng landlady.

Nagkatitigan sila ni Carlo at inunahan siya nito sa pagsagot.

“Oho, isang linggo pa lang,” anito, sabay kindat sa kanya na ikinangisi naman ni Shaina.

Mukhang hindi naman napansin ni Aling Helen ang silent communication nila. “Ano, kukuhanin ba ninyo?”

“Oho,” sabay na sagot nila.

“Three months advance at three months deposit ang babayaran ninyo. Two thousand ang isang buwan na upa.”

Nagmamadaling dinukot ni Shaina sa bag ang

The Second Time Around - Connie C. Causing

hiniwalay niyang pera mula sa kanyang ini-withdraw sa bangko.

Si Carlo ay dinukot din ang wallet sa bulsa ng pantalon.

“Magkano ang pera mo d’yan?” tanong niyang ayaw namang pangunahan ang binata.

Binilang nito ang perang dinukot sa wallet. “P3,500.00 lang,” parang nanlulumong tugon nito.

“Bigyan mo na lang ako ng two thousand, ako na ang bahala sa balance,” ani Shaina at binilang ang hawak na pera.

Hindi na ito nakipagtalo. Iniabot nito sa kanya ang two thousand pesos. Ibinigay naman niya ang kompletong bayad sa landlady.

“Salamat. Huwag kayong mahiyang magsabi kung may kailangan kayo. Heto pala ang susi.”

Si Carlo ang kumuha pero ipinasa rin sa kanya.

“Kailan ba tayo maglilipat?”

“Kung puwede po’y ngayon na,” tugon ng lalaki.

“O sige, bahala na kayo. Saan n’yo ba kukuhanin ang mga gamit n’yo?”

“Wala pa po kaming gamit. Bibili pa lang,” ani Shaina.

“Naku! At saan kayo matutulog? Ang mabuti pa’y doon muna kayo sa amin. May bakanteng silid-tulugan ako doon. Halina kayong dalawa,” pagmamagandang-loob ni Aling Helen.

“Naku, ’wag na po kayong mag-alala,” mabilis na tanggi ni Carlo. “Okay na po kami dito.”

“Hay naku! ’Wag na kayong mahiya,” pamimilit pa nito.

“Hindi po, dito na lang kami. Mas gusto po naming makapagsolo,” patawang sabi nito pero ikinakilig naman ng nobya.

Hindi na nagpumilit ang babae. “Bahala kayo. Pero kung magbago ang isip n’yo, nand’on lang ako sa bahay. Katok lang kayo, ha?”

“Maraming pong salamat, Aling Helen,” aniya na iniyakap ang kamay sa baywang ng nobyo.

Pagkalabas ng landlady ay humarap sa kanya si Carlo at niyakap din siya sa baywang. “Pa’no ’yan, matutulog ka sa sahig?” nag-aalalang sabi nito. “Hindi bale na ako, sanay ako.”

“Magpapakasanay ako.”

“Talaga? Pahalik naman.”

Pumikit si Shaina at naramdaman ang paghalik nito sa kanyang ilong. Nang dumilat siya ay nakita niyang nakatawa ang nobyo.

Pinilit niyang magpakakaswal ng kilos. *Ganito pala pag kami na lang dalawa. Nakakanerbyos.*

“Kailan tayo mamimili ng mga gamit?” tanong niya.

“Bukas, paglabas ko ng *Cindy’s*. Magre-report muna ako and then, magre-resign na siguro. Maghahanap na lang ako ng trabaho dito.”

“Ang pag-aaral mo pala...” naalala niyang ungkatin. Alam niyang isang taon pa ito sa kolehiyo.

“Kung makakakita kaagad ng trabaho, titingnan ko kung makakapag-enrol ako.”

“May pera naman ako, Carlo, puwede kitang pahiramin.”

Nagkibit-balikat ito. “Bahala na, tingnan na lang natin. At saka pala kapag wala ako, ’wag kang maglalalabas ng bahay. Baka makita ka ng mga bodyguards n’yo. I’m sure ngayon ay naghahanap na ang mga ’yun.”

“Baka na-inform na nga sina Mommy tungkol sa 'kin,” kinakabahan niyang dagdag. “Pa’no kung isang araw ay makita ko ang picture ko sa diyaryo o sa telebisyon? At ang nakasulat doon ay ‘*Shaina Monteza: Missing! Abducted by Carlo Borromeo.*’ Magiging wanted ka sa pulis! ”Tapos, pa’no kung may reward? Tiyak na ha-hunting-in ako ng mga tao para makuha ang reward.” Ngayon lang niya naisip ang pangambang iyon.

“Don’t worry, I’ll take care of you,” pangako ng binata. “Pero I don’t think na gagawin ’yon ng parents mo. You know why?” Marahan nitong hinawi ang buhok na tumatabing sa kanyang mukha. “Kapag ginawa nila ’yon parang ipinain ka nila sa mga kidnappers. They will hunt you at kung may reward man, mas higit pa doon ang hihingin nila.”

“Kapag natagpuan nila ako, huwag mo akong ibibigay, ha?”

Natatawang napailing si Carlo. “Of course. Ano ka ba? Dadaan muna sila sa bangkay ko.”

Kinurot niya ito sa tagiliran. “Yabang mo!”

Sabay silang tumawa.

Lumabas sila para kumain sa *Kenny Rogers Roasters*. Past eight na sila nakauwi.

“Shower ka na para makapagpahinga na tayo,” suhestyon ni Carlo.

Lumukso ang puso ni Shaina sa nerbyos. Parang sanay na sanay na itong sabihan siya ng ganoon. Parang araw-araw na siya kung makita nitong mag-shower at magpahingang kasama nito.

Sa loob ng bathroom, kung anu-ano ang mga pumapasok sa kanyang utak. Nai-imagine niya iyong mga bagay na ginagawa ng mag-asawa.

Pinilit niyang iwaksi ang mga iyon sa kanyang isip. Nahihiya siya na siya pang babae ang tila nasasabik na mangyari iyon.

Natapos na siyang mag-shower at nakasuot na siya ng pantulog na itinatago ng roba. Paglabas ng banyo ay natagpuan niya si Carlo na naglalalatag ng higaan.

“Dumaan pala si Aling Helen dito. Ipinahiram niya ’tong foam sa ’tin,” anito na napansin niyang iwas sa pagtingin sa kanya. Alam ni Shaina, asiwa rin ito tulad niya.

“Maglalalatag ka na?” kunwa ay kaswal niyang tanong habang patay-malisyang hinuhubad ang tumatabing na roba sa medyo silag na damit-pantulog. Sinimulan niyang punasan ang buhok ng tuwalya.

“Para maagang makapagpahinga.”

Inilatag na nito ang foam at sinapinan ng kumot na ipinahiram din ng landlady. “Puwede ka nang magpahinga. Mag-shower din ako saglit.”

“Sige,” tugon ni Shaina na bitbit ang tuwalya at pampalit na damit.

Bawat marinig niyang kalabog o kaluskos sa labas ay nadaragdagan ang kaba niya sa pag-aakalang ang nobyo na iyon.

Sinusuklay na niya ang mahabang buhok nang pumasok ito sa silid nila. Basa ang buhok nito at nakasuot ng short at sando. At lalong lumakas ang kabog sa kanyang dibdib sa nerbyos at anticipation....

Napatingin siya sa maganda nitong katawan at hindi niya maiwasang humanga. Inalis niya ang pagkakatingin sa mapipintog na hita nito. May nakakaalinsangang pakiramdam na idunudulot ang pagkakatitig niya sa mga iyon. Nalanghap pa niya ang amoy ng sabong gamit nito nang tumayo ito sa tapat niya.

“Amoy baby na ako,” pagbibiro ni Carlo.

Kunwaring hindi apektado, ngumiti siya. Nasukol ang tingin ni Shaina sa malapad na balikat ng binata

The Second Time Around - Connie C. Causing

at may kung anong naglaro sa kanyang imahinasyon.

Napapikit ang dalaga, kabang-kaba siya kung ano ang gagawin nito sa nilalarong spaghetti strap ng kanyang pantulog. Batid niya, sa mahinhing paghatak ng strap pababa sa kanyang balikat ay tuloy-tuloy na dadausdos ang negligee. At matatambad ang birhen niyang katawan sa maskuladong bulto nito.

Hindi siya handa nang kabigin siya ng kasintahan sa baywang at dampian ng halik ang kanyang mga labi. Tinugon niya iyon nang buong puso.

Nasa isip na niya na magpapaubaya siya.

Ngunit nagulat ang dalaga nang huminto ito sa paghalik sa kanya at marahang inilayo ang mukha.

“I will not rush you, Shaina.” Nilakipan nito ng halik ang tuktok ng kanyang ulo. “Good night, babes.”

Disappointed man ay humanga siya sa nobyo. Hindi na siya tumutol nang ilatag nito ang isa pang kumot upang doon ito matulog.

At nahiga nga sila nang magkahiwalay.

Hindi siya datnan ng antok. Dalawang bagay ang dahilan. Ang una ay matigas ang foam at pangalawa, nai-imagine niya si Carlo... hubo't hubad!

Nagising si Shaina sa marahang dampi ng isang malamig na bagay sa kanyang labi. Inaantok na napadilat siya at dumako sa kanyang paningin ang preskung-preskong mukha ni Carlo.

“Good morning, babes,” bati nitong nakangiti. “Did you sleep well?”

Kukurap-kurap ang mga mata niyang dumilat. Hindi niya napigilan ang kumawalang hikab. Paano ba niya sasabihing restless siya dahil matigas ang higaan at dahil panaginipan niya ito? “Uhm... okay lang.”

Hinalikan siya nito sa lips. “Sorry if I kissed you awake. Is it okay?”

Ngumiti siyang ikinawit ang mga braso sa leeg nito. “Mas okay kung uulitin mo.”

Natawa ang lalaki. Pinagbigyan siya ni Carlo. Mas matagal nitong idinampi ang mga labi sa kanyang mga labi.

“Handa na ang breakfast, kain na tayo.”

Kumunot ang kanyang noo. “Wala pa naman tayong lutuan...”

“Binili ko na lang sa kanto. I hope kumakain ka ng pansit at pandesal?”

Nasa tabi lamang niya ang pagkain. “Siyempre naman, ’no!” aniyang umupo. “Halika’t nagugutom na nga ako. Don’t tell me pati ’tong kape natin ready-made din?”

“Nanghingi ako kay Aling Helen,” nakangising tugon nito. “Nanghiram din ako ng plato at kutsara.”

“Wow, kapal!”

“Bah, buti nga di tayo natulog sa kanila dahil pati almusal ay siguradong sagot niya.”

“Sige na nga,” aniyang natawa, “tama ka na.”

“Isasama na kita sa pag-report ko sa *Cindy’s*. magre-resign na ako ngayon. At pagkatapos, mamili na tayo ng mga gamit.”

“Ay, gusto ko ’yan. Pero, babes, hanap muna tayo ng ATM at magwi-withdraw ako, ha?”

Tumango ang lalaki.

3

Bago sila nagtungo sa *Shoemart* Fairview, dumaan muna sila sa *Cindy's* at doon ay inasikaso ni Carlo ang pag-resign nito. Pagkagaling doon ay naghanap sila ng ATM at nag-withdraw si Shaina. Sinamantala na niya ang pagkakataon dahil alam niyang magigising na lang siya isang araw na hindi na siya maaaring makapag-withdraw dahil ipina-hold ng mga magulang ang kanyang savings account at pinutol na rin ng bangko ang credit line niya.

Ang ibang appliances ay sa surplus shop na lang nila binili pero ang iba sa mga iyon ay galing sa *SM*. Bumili rin sila ng mga kasangkapan para sa kusina pati na rin ng kama at iba pang mga gamit.

Aaminin ni Shaina, marunong mamili si Carlo. Wise, wika nga, kaya naman marami silang napamili ay may sobra pa sa kanilang pera.

Natapos ang araw na hapong-hapo sila.

Pagdating nila sa bahay ay hindi na nila naayos ang ibang pinamili. Ang malalaking items ay bukas pa maide-deliver sa kanila.

“Grabe!” paungol niyang reklamo na humiga

The Second Time Around - Connie C. Causing

kaagad sa foam na nakalatag pa rin sa sahig.
“Nakakapagod!”

Tumabi sa kanya ang nobyo at humilig sa kanyang tiyan. “Pero nag-enjoy ako.”

Ngumiti siya. “Ako rin pero talagang nanakit ang mga paa ko. Ganito pala pag bagong lipat, ano?”

“Are you happy?”

Hinimas-himas niya ang ulo nito. “Of course I am. Masayang-masaya.”

“Pahinga na tayo,” aya nito. “Pero magsa-shower muna ako.”

“Mauna ka na at susunod na ako.”

Pagkatapos nilang mag-shower ay pumuwesto na silang dalawa sa kani-kanyang higaan.

Kinabukasan, maagang na-deliver ang mga binili nilang gamit. Kaagad na sinimulan nina Carlo at Shaina ang pag-aayos sa munti nilang paraiso.

Hapon na nang matapos silang mag-ayos. Nagpahinga muna sila. Medyo madilim na nang pumunta sila sa palengke para bumili ng mailuluto.

The Second Time Around - Connie C. Causing

Nang pabalik na sila ay inabutan sila ng malakas na ulan. Ang lalaki ang nagluto ng kanilang hapunan.

Natutulog na sila nang magulantang siya sa malakas na kulog at kidlat sa langit. Lumalakas ang ulan sa labas.

Hinagilap ng mga mata niya si Carlo at natagpuan itong tulog na tulog sa foam na nakalatag sa sahig. Hindi pa rin ito tumabi sa kanya.

Idinako ni Shaina ang paningin sa medyo bukas na bintana at kitang-kita niya ang pagliwanag ng langit kabuntot ang dumadagundong na kulog.

Biglang nawalan ng ilaw. Sa gulat ay napatili ang dalaga. Napatalon siya mula sa kama at napadapa sa nakahigang katawan ng nobyo na gulat na nagising. Dagli ito napayakap sa kanya.

“Walang ilaw! At ang lakas-lakas ng kulog at kidlat sa labas!”

Nagtatawa ito. “Akala ko kung ano na’ng nangyari sa ’yo!”

“Sorry, ginulat ba kita?” nahihiyang paumanhin ni Shaina. “P-puwede bang dito muna ako?”

“No. Ang mabuti pa, lipat na tayo sa kama.”

The Second Time Around - Connie C. Causing

Lumipat nga sila roon. Ang bilis ng yakap niya rito nang muling lumiwanag ang langit dahil sa kidlat.

“Ayan na naman...!” tili niya ngunit nilunod lang ng napakalakas na kulog ang kanyang tinig.

Niyakap siya ni Carlo. Nadama niya ang init at ang matitigas na muscles nito sa katawan.

Disappointed pa siya dahil biglang nagkailaw. Meaning babalik na muli si Carlo sa higaan nito.

“M-may ilaw na...” bulong niya na hindi pa rin tumitinag sa pagkakayakap dito.

Titig na titig ito sa kanya. Sa pagtatama ng kanilang mga mata, pakiwari niya ay tumigil ang pag-ikot ng mundo. At naging erratic na ang tibok ng kanyang puso nang lalo pa siyang hapitin nito.

“I love you....” bulong nito.

Parang slow motion na kumilos ang binata. Bahagya nitong idinagan ang sarili sa kanyang malambot na katawan.

Dama niya, kumakabog din ang dibdib nito habang hinahalik-halikan siya sa punong-tainga. Ang kamay ng nobyo ay mabining humahaplos, dinadama nang may paghanga ang ibabaw ng kanyang birheng

The Second Time Around - Connie C. Causing

dibdib. Mayamaya ay nagpadausdos ang mga labi nito patungo sa leeg niya, pababa sa bukas na bahagi ng kanyang pantulog.

Naramdaman ni Shaina ang pagkakaalis ng kanyang damit sa pagkakabutones. Bawat dampi ng halik ni Carlo ay parang apoy na pumapaso at nagpapainit sa buo niyang katawan. At nang malapit na ang mukha nito sa kanan niyang dibdib ng bilanggo sa kamay nito, napahawak siya sa buhok ng kasintahan.

Napadaing siya at lalo iyong nagpaalab sa damdamin ng kaniig. Sabik na sumasalubong at dumantay ang bibig nito sa kanyang nipple. Mistula itong isang batang pinapawi ang gutom sa natagpuang pagkain.

Nakagat niya ang labi. Parang maiiyak siya sa nakakapagpalagnat na sensasyong idinudulot ng ginagawa nito sa kanyang katawan.

Patuloy siyang hinalikan nito... patungo sa ibabang bahagi ng kanyang katawan. At lalo siyang inapoy sa pananabik. Tila siya nalulunod, parang namanhid ang kanyang utak, at ang tanging nanatiling buhay lang ay ang pandama.

Hindi niya lubos-maisip kung paano siya

The Second Time Around - Connie C. Causing

nagmakaawa sa nobyo na siya ay angkinin na. Naramdaman na lang niya ang isang matigas at mainit na bagay na nagpumilit pumasok sa kanyang birheng lagusan...

At ang sumunod ay ang tila pagsabog ng iba't ibang kulay ng liwanag sa paligid kasabay ng pagsabog ng kanilang init.

Bagsak ang hapo nilang mga katawan sa kama. Bago siya lukubin ng antok ay narinig niya ang bulong ng nobyo: "I love you, babes. It's just so incredible how much I love loving you."

Hubad silang nakatulog na magkayakap sa ilalim ng kumot.

Nagising si Shaina sa masuyong halik sa kanyang labi. Nag-inat siya habang nakapikit pa rin ang mga mata. Awtomatikong yumakap ang mga braso niya sa natagpuang leeg ng kasuyo.

"Good morning," bati ni Carlo malapit sa kanyang tainga. "I have something for you."

"What is it?" nakangiti niyang tugon. Idinilat niya ang mga mata at nakita ang hawak nito na maliit na kahita.

The Second Time Around - Connie C. Causing

Tinukop niya sa kili-kili ang kumot na tumatabing sa hubad niyang katawan at umupo. Kinuha niya ang kahita at tiningnan ang laman.

Namangha siya sa nakita—isang diamond ring. Ang malaking bao ay naliligiran pa ng sampung maliliit na bato.

“Para sa ’yo. Engagement ring natin,” proud na sabi nito.

“Really?” Nagkislapan ang mga mata ng dalaga hindi dahil sa diamond ring kundi sa kahulugan kung bakit iyon ay ibinibigay sa kanya. “It’s beautiful!”

“It’s a family heirloom. Pag-ingatan mo, ha?”

“Of course I will,” aniya na humalik sa labi nito.

“I love you.”

“I love you, too,” tugon ni Shaina. “I love you so much.”

At ang walang katapusang pagsabi nila ng ‘I love you’ ay muling nauwi sa kanilang pagniniig.